

Chapter One



Minasdan ni Run ang matangkad na babaeng kalalabas lang sa establishment. Kanina pa niya ito minamanmanan. Naroon siya sa isang tahimik na kalye sa Greenhills, sa hanay ng maliliit na restaurants at bars. He was parked two cars away from across *Callie's*, a quaint, café by day and music bar by night.

Isa ito sa mga occupants ng isang lumang four-storey Victorian building. *Callie's* had flower boxes lining the five steps to its entrance, and a pretty lamp post on each side. Sumandal sa isang mababang poste ang babaeng inaabangan niya, inilabas ang cellphone saka nagsimulang magpipindot doon.

Dahil sa ilaw ng cellphone ay mas nabistahan tuloy ni Run ang mukha nito. The woman had an angular face and delicate facial features. Naka-ponytail ang maikli nitong buhok na may humabang nang bangs. Kahit sa malayo ay pansinin ang bilugan nitong mga mata na may mahahabang pilik. Her full mouth pouted a bit in concentration. He didn't expect her to be pretty, but he shouldn't be so impressed.

Bumaba ang tingin niya sa suot nitong loose

shirt, straight cut jeans at sneakers. Katamtaman lang ang pagkaputi ng balat nito, hindi ito payat at kahit sa unflattering na suot ay halata naman ang curves nito.

What a waste... Napailing siya. *Wait, what?* Bakit niya panghihinayangan ang babaeng pinagiisipan niya ngayon kung paano aalisin sa buhay ng kinakapatid niyang si Addy? Napabuga siya ng hangin.

So, this was Patrice, ang babaeng sumisira sa focus at diskarte ni Addy, na ang dapat na pinagtutuunan ng pansin ngayon ay ang pagreview para sa bar exams sa halip na ang pagkaloko sa anumang pinagkakaabalahan nito. He learned Addy's been in a band as a drummer, and she had gigs twice a week instead of spending those precious times making sure she'd pass the tough exam for would-be lawyers.

Kabilin-bilinan ng namayapa nitong papa na ituloy ni Addy ang pangarap nito, at nangako siyang sisiguruhin niyang iyon ang gagawin ng babae. Ngunit heto at iilang linggo pa lang simula nang magbalik siya sa bansa ay pinasasakit na ni Addy ang ulo niya dahil halatang marami itong itinatago.

Ayaw man niyang imbestigahan ang kinakapatid ay iyon ang ginawa niya, at nalaman na bukod sa pagkahilig sa banda ay may 'girlfriend' daw ito. Now, he's not quite sure if Addy changed preferences but that Patrice sure looked like bad news.

Sino namang matinong babae ang walang takot na tatambay sa labas ng isang bar nang pasado alas doce ng hatinggabi?

Run fixed his eyes on the woman. Ibinulsa na nitong muli ang cellphone. Muli itong umakyat sa café dahil bumukas ang pinto niyon. It was Addy, at literal na dama niya ang pagsasalubong ng mga kilay dahil maikli na rin ang buhok nito. In fact, even shorter than Patrice's.

Noong isang taon lang na nasa Seattle ito nang ilang buwan upang alagaan ang ama hanggang sa pumanaw ito ay lampas-balikat ang buhok nito, itim na itim at malambot. Addy even liked fixing her hair. Ano ang nakain nito at nagpagupit?

He sighed. Gusto na niyang lumabas ng sasakyan, ngunit noon din niya napansing palapit ang dalawang babae sa lumang *Land Cruiser* na hindi niya gaanong napansin na nakaparada sa harap niya. Pag-aari iyon ni Tito Barry, ang namayapang ama ni Addy. Nakaakbay na rito si Patrice at ito na rin ang may dala ng backpack ng kanyang kinakapatid. Addy was drunk? Kailan pa ito natutong uminom?

Napapailing na binuhay na rin ng binata ang sasakyan nang makitang nagawa nang maisakay ni Patrice si Addy. Ito ang pumuwesto sa driver seat. Tumaas ang kilay niya. How close were these two, anyway?

Hinayaan niyang makaabante muna ang mga ito

nang ilang metro bago siya umalis sa kanyang slot at sumunod.

Sabado na at wala nang traffic sa daan. Ilang sandali pa ay binabagtas na nila ang Araneta Avenue, ngunit sa halip na patungong *Sta. Mesa Heights* ay lumampas ang sinusundan niyang sasakyan. Derecho iyon sa España, lumiko sa Maceda at ilang beses pang kumaliwa o kumanan bago huminto sa isang simpleng lumang bahay. Mataas ang bakod niyon kung saan gumagapang ang halaman. Narinig niya ang malakas na pagtahol ng aso, at ang pag-ingit ng gate habang itinutulak iyon pabukas.

Maliit lang ang garahe. Halos dumikit na ang sasakyan ni Addy sa gate na muling isinara ng isang binatilyo. Mula sa siwang niyon ay nakita pa niya kung paanong magkatulong na inalalayan ni Patrice at ng binatilyo si Addy hanggang sa makapasok ang mga ito sa bahay.

May sariling bahay naman pero bakit sa iba pa tumutuloy ang isang iyon?

At ano talaga ang relasyon ni Addy kay Patrice?

Ayaw isipin ni Run ang tungkol sa hinala niya. Napapailing na iniatras na niya ang sasakyan, at lumabas sa kalyeng iyon.



Nagising si Patrice mula sa mahimbing na pagkakatulog dahil sa nakatutulig na tunog ng alarm. Saan ba galing iyong buwisit na ingay na

iyon? May nasusunog ba? Sa naisip ay kaagad siyang nagmulat ng mga mata, upang makita lang ang kapatid na si Peter na nakatanghod sa kanya habang hawak ang cellphone malapit sa kanyang tainga.

“Ano ba?” Hinampas niya ito ng unan, ngunit mabilis na nakaiwas ang huli. Tatawa-tawang inhinto nito ang alarm.

“Gising na, Ate. Past nine na,” sabi nito at ibinulsa ang cellphone.

“Alam n’yo namang pasado ala una na kami nakauwi. Tanghalian pa ang gising ko.” Asar na muli niyang ibinagsak ang sarili sa higaan.

“Si Addy nga, wala pang alas siete gising na at bago mag-eight, umalis na,” nailing na saad nito. “Bangon na at baka si Ate Mai-Mai pa ang paakyat ni Tatay dito, mas malupit ang aabutin mo d’on,” tukoy nito sa hipag niyang six months na ang tiyan pero parang forever yatang naglilihi. Lagi siya nitong pinanggigigilan at kinukurot.

“Mamaya na lang!” Tinalikuran niya ito.

“May guwapo kang bisita, Ate. Friend n’yo daw ni Addy.”

Sa sinabi ng kapatid ay napabalikwas na siya. “Naman! Guwapo nga, bading naman. Ano daw ang kailangan ni Alejandro?” Ang kanyang binanggit ay ang kaibigan nilang may-ari ng parlor sa kabilang kanto, na ‘Alessandra’ ang pangalan pag gabi.

“Hindi si Alessandra! Lalaking-lalaki ito, Ate.

Babain mo na at ikaw daw talaga ang sadya. Sige na at baka paglihian din iyon ni Ate Mai-Mai. Masama ang tingin kanina pa.”

“Pinagloloko mo ba ako, Pedro? Wala akong alam na ibang kaibigan naming lalaki ni Addy!” singhal niya sa kapatid bagaman sinisimulan nang iligpit ang higaan.

“Eh, sino iyong nasa ibaba? Mukhang mayaman, Ate. Ang gara n’ung *Ford SUV* niya sa labas. Amoy mayaman din. Pero mabait at walang arte. Nakadalawang plato na nga ng pancit Malabon ni Tatay ’tapos sinisilbihan pa ni Ate n’ung binili mong cake para sa kanya,” kuwento pa ni Peter.

Nangunot ang noo ni Patrice. Hindi basta nagsi-share ng pinaglilihian nitong pagkain ang Ate Mai-Mai niya.

“Baka naman boyfriend mo iyon, Ate? Impossible kasing boyfriend ni Addy dahil Korean ang type niya.” Napangisi ang kanyang kausap. “Ikaw, Ate, ha.”

Minasdan niya ang kapatid. “Guwapo ba talaga?”

“Papasang superhero, Ate.”

“Bagay kami?”

“Kapag naligo at nagsuklay at nag-makeup ka nang konti, Ate. ”Tapos naka-dress.”

Pinanlakihan niya ito ng mga mata. “So hindi ako maganda ngayon, gan’on?”

“Nakakatakot ang hitsura mo, Ate.” Umakto pa

itong natatakot sa kanya.

Binato niya ng unan ang kapatid. “Umalis ka na nga! Mag-aayos lang ako.”

“Maligo ka muna, Ate,” sabi pa uli ni Peter at nagmamadaling lumabas ng kanyang silid bago pa niya muling batuhin ng kung ano.

Napaisip ang dalaga. Who could be visiting her at this hour? Chinese ba iyon? Ang aga pa! She decided her brother must be messing with her so she only stayed a while inside the bathroom, combed her hair with her hands after gargling and splashing water on her face. Ni hindi niya tiningnan ang sarili sa salamin bago lumabas ng pinto at tinungo ang ilang baitang na hagdanan pababa.

Split level ang bahay nila at apat na baitang lang ang hagdanan, kaya ilang sandali lang ay hinahawi na niya ang kurtinang naghiiwalay sa sala at kusina. Sigurado siyang pinagtitripan lang siya ng kapatid, kaya walang pasakalyeng namaywang siya sa mga naabutan sa malawak na kusina nila at naghanda na sa pagtataray.

But then the first she saw was someone tall, formidable-looking, lean and muscular and had the most arresting deep-set eyes she'd ever seen.

Kahit naghahalo ang amoy ng masasarap na niluluto ng tatay niya ay tila nangingibabaw ang bango ng lalaking isang metro lang ang layo sa kanya. She must have caught him in the middle of conversation with her father and sister-in-law, but

his eyes were now fixed on her.

Gising na ba talaga siya?

“Oy, Patrice, gising ka na pala. Kanina ka pa hinihintay nitong si Runako,” sabi ng tatay niya habang nagsasalin sa bilao ng bagong lutong pancit. Tumatanggap ito ng order ng iba’t ibang klase ng pancit, kakanin at ulam na panghanda gaya ng relleno, embutido at morcon. Iyon ang maliit na negosyong pinagkakaabalahan nito at ng hipag niyang si Ate Mai-Mai.

Ang kuya naman niyang si Patrick ay nagtatrabaho sa isang BPO company at may pasok ngayon. Siya ay content developer at website designer and administrator na sa bahay lang ang trabaho. Ang bunso niyang kapatid na si Peter ay nasa first year college sa *UST* College of Engineering.

At itong lalaking ito? *Runako. Oh, my God!*

She knew him! How could she not?

At papalapit ito sa kanya, naka-extend ang isang kamay. “Hi, Pat—”

“Huwag kang lalapit,” sabi niya habang paatras. Kumabog ang dibdib niya at ipupusta ng dalaga ang lahat ng order na pancit ng tatay niya ngayon na namumula na siya. She always dreamt of this day. She imagined it would be perfect. Bakit hindi sinabi ni Addy na darating si Runako?

Nangungunot na ang noo ng lalaki habang nakatingin sa kanya. “Are you okay?” He stepped closer, his face beginning to relax. Ngayon ay

amused naman ang expression doon. “I don’t bite, Patrice.”

“Hin...” Huminga siya nang malalim. “Hindi pa ako naliligo.” Iyon lang at kaagad na siyang tumalikod upang kumaripas ng takbo paakyat sa kanyang kuwarto.



Chapter Two



“Dati itong office at classroom ni Mama. Nagtuturo siya ng MAPEH sa grade school at piano lessons kapag weekend. Noong mawala siya, hinati ito at pinarentahan. Karamihan ng umupa dito, mga nagre-review para sa exams. Dati apat ang puwedeng mag-rent dito pero noong kunin ni Addy ang isang silid three months ago, sinolo na lang niya.” Iminuwestra niya ang isang nakasarang pinto ng kuwarto. Sa labas niyon ay receiving area kung saan naroon ang lumang upright piano katabi ang mababang mesa na kinalalagyan ng isang acoustic guitar, at ang beatbox at bongos ni Addy.

Sa isang sulok ay ang four-piece dining set na gawa sa kahoy. Doon ibinaba ni Patrice ang hawak na malaking mug ng kape at plato ng pandesal at cake sa halip na sa mababang mesa katapat ng loveseat na malapit sa piano. Hindi yata niya kayang maupo roon katabi si Runako o Run, na kanina pa tahimik at matamang nakatingin sa kanya.

“Pag may pasok sa review class lang tumutuloy dito si Addy. Naiingayan daw kasi siya sa bahay nila dahil palaging may bitbit na mga kaibigan ang mga pinsan niya. Hindi naman masaway ng Tita Jean niya.” Humila siya ng dalawang upuan. “Upo ka.”

Tahimik na naupo ang lalaki sa tapat niya habang hindi inaalís ang tingin sa kanya. Hindi na rin tuloy siya nahiyang masdan talaga ito.

Hindi yata siya magsasawang titigan ang kaharap. Bagaman matiim tumingin ay may ilang pagkakataong tila laging inaantok o nagpapa-cute ang mga mata nitong nag-iiba ng kulay depende sa lighting condition. His thick brows had a nice slanty shape, and his lashes were probably the longest she'd ever seen in any man. Those eyes softened the otherwise sharp angles of his face. His straight nose would crinkle a bit whenever he would seem to be in deep thought, his full lips pursing a little before they would break into a smile or say a word. Mapuputi at pantay-pantay rin ang mga ngipin nito na nakita niya kaninang nakangiti ito habang kausap ang Ate Mai-Mai niya.

When the sun hit his smooth olive skin, he looked almost golden. Lalo tuloy siyang nanggigil.

At ang bango talaga nito! Hindi iyong dahil nag-spray ng mamahaling perfume kundi iyong amoy na parang malinis at bagong ligo.

“So, uhm...” Hinalu-halo niya ng kutsarita ang kape. “Ano ang pag-uusapan natin?”

Ilang sandaling pinakatitigan muna siya ni Run bago nito bahagyang inilapit ang sarili sa kanya habang mahinang nagda-drum ang mga daliri sa mesa.

She wanted those fingers on her skin.

Shit, Patrice! Ang halay mo! She bit her tongue, set her lips in a straight line.

“Is your family doing okay now, Patrice? I mean, I know your situation. It hasn’t been easy since your mom died three years ago...” umpisa nito.

Nangunot ang noo niya. So, Addy talked to Run about her? “Well, yes. Sakto lang. Hindi naman gipit na gipit although budgeted ang lahat ng kinikita namin. Nasabi na rin naman siguro sa iyo ni Addy na nakasangla sa bangko itong bahay at lupa at may tatlong taon pa bago namin matapos ang bayarin,” pag-amin niya bagaman nagtataka sa interes doon ng lalaking ngayon lang uli niya nakita at ngayon lang talaga niya nakausap.

Unang beses niya itong nakita sa post-graduation party ni Addy seven years ago. Hindi niya maalis ang tingin kay Run habang kausap nito ang mga kaanak ng kaibigan niya. It turned out he was a close family friend at parang anak na ang turing dito ng mga magulang ni Addy simula nang maulila si Run. Addy said she would introduce them to each other but never had the time. Kinabukasan lang nito iyon naalala ngunit huli na dahil palipad patungong Seattle si Run dahil may naghihintay na trabaho roon para rito.

Patrice never forgot that face since. Palagi siyang asar-talo kay Addy dahil matindi pa raw siya sa na-love at first sight, to think na hindi naman siya

naniniwala roon. But Addy told her stuff about Run, anyway, and the more she heard about him, the more she wished for an opportunity to know him for real.

It was silly, being infatuated to someone she'd only seen and observed from afar, once. Ang sumunod na pagkikita nila ay nang iuwi sa bansa ang labi ng namayapang ama ni Addy noong isang taon. Muli ay hindi nagkaroon ng pagkakataong maipakilala man lang sila dahil paano naman niya ipipilit ang ganoon habang nagdadalamhati ang kaibigan niya?

Still, she never lost hope.

Now it's finally happening. Para siyang ewan ngayon na hindi alam kung ano ang gagawin o sasabihin.

“At hindi kayo puwedeng pumalya o ma-delay sa pagbabayad dahil may interes din iyon, tama?” dagdag-tanong pa ni Run.

Tumango siya. “Hindi talaga. Buti na lang steady ang pagdating suweldo namin ni Kuya.” Umarko ang isang kilay niya. “Addy told you these about me?”

Hindi ito sumagot, sa halip ay iginala muna ang tingin sa paligid bago siya muling hinarap. “So tell me about your job now.”

Nagtataka man ay ipinaliwanag ni Patrice sa lalaki ang nature ng trabaho niya, kung saan flexible man ang oras ay may hinahabol ding deadlines paminsan-minsan. “Mas gusto ko na ito kesa 'yung

pumupunta ako araw-araw sa office. Magagastusan pa ako sa pamasaha at pagkain. Kapag ganito, halos fixed na ang binabayaran ko monthly sa kuryente at unlimited Internet na di-hamak na mas mura.”

Marahang tumangu-tango ang kanyang kausap, ilang sandaling tila nag-iisip. “Still, may oras ka para samahan si Addy sa gigs niya twice a week?”

Napakurap siya. “Well, my employers are in the UK and Europe so ang oras ng pagre-report ko sa kanila ay between two in the afternoon and ten in the evening, Philippine time. Hindi rin sila istrikto doon dahil mas importanteng natatapos ko ang trabaho. Kaya may oras ako para samahan si Addy na mag-destress.”

Umarko ang kilay nito. “Destress? Napupuyat siya sa gigs gayong dapat ay inilalaan niya ang oras sa review.”

“Nakita mo na ba kung gaano karami at kung gaano kakapal ang dapat niyang basahin at intindihin? Nakakabaliw kaya ang bar review,” depensa kaagad niya. “After an hour or so of beating the shit out of her drum kit, Addy feels so much better. You should see it...” She bit her lip. “Sorry for the S word.” Grabe, ito ang napapala niya sa pakikipag-usap sa mga employers na British, ang lutong na niyang magmura!

“She should be focusing on her review, Patrice,” mahinahong sabi nito.

“Those gigs help her focus,” giit niya.

He simply shrugged. “Not if she lacks sleep because of it, or wakes up with a hangover.”

Hindi kaagad nakapagsalita si Patrice. May pagka-lasengga naman talaga si Addy, pero mataas ang alcohol tolerance nito kaya hindi napapa-trouble. “Hindi rin naman siya nagpapabaya. In fact, nasa review na siya ngayon at dederecho ng uwi sa bahay nila pagkatapos.”

He sighed. Mukhang hindi ito naniniwala sa kanya.

“At hindi rin naman siya mabarkada. May pagka-anti-social nga ang babaeng iyon,” dugtong pa niya.

Muli ay mataman lang siyang minasdan ni Runako. Unti-unti tuloy siyang kinakabahang muli.

“Nag-aalala ka bang kinukunsinti ko siya? Dahil wala siya sa bahay nila most of the week? Pero kilala mo naman siguro kung gaano ka-inconsiderate ang mga pinsan niya.”

Napabuntong-hininga ang binata. Tila inihahanda nito ang sarili sa susunod na sasabihin na lalong nagpapatindi sa pagkabog ng dibdib niya. He then leaned closer as he fixed those intense eyes on her.

“I’m actually here to offer you something, Patrice.”



Either this woman is too guillible, or she is really that desperate for cash.

Kahit ang pakay naman talaga ni Run ay

mapapayag si Patrice sa inihain niyang job opportunity ay hindi pa rin siya makapaniwalang kay dali nitong sumang-ayon. She even seemed too eager to please and prove to him that she could do the job, on top of everything else that she was already busy with.

“Kaya ko ’yan! May background at experience ako sa accounting at valuation. Familiar din ako sa trading dahil ipinaaral iyan sa akin ng naging employer ko dati. Just give me the details and your specifications, ’tapos bigyan mo ako ng deadline. I work best under pressure,” she grinned, her eyes lighting up with excitement.

“This is just for six months at the most, but your compensation will be at par to those we would have paid in Seattle. Kailangan ko lang siguraduhin na maayos na makakapagsimula ang back office support namin dito,” wika niya habang mataman itong pinagmamasdan. Ang trabahong iniaalok niya kay Patrice ay bilang assistant niya sa loob ng susunod na buwan. Bilang isa sa mga investment managers ng isang malaking hedge fund firm sa Amerika ay kinailangan niyang magbalik sa bansa upang kontratahin ang isang BPO company na mag-provide ng back office support para sa mga administrative functions ng mga investors nilang galing sa mga Asian countries.

Istriкто ang qualifications para sa bawat kukuning empleyado na plano niyang i-train muna

nang sampung linggo. His schedule would be hectic as he would take part in the recruitment and selection process, bukod pa sa isa rin siya sa magte-train. Kakailanganin talaga ni Run ng assistant upang i-manage ang schedule niya, tumulong sa paggawa ng course outline at maging teaching assistant na rin.

He offered to pay Patrice the amount that she and her brother were supposed to pay the bank every month plus a few thousand pesos more. Tuwang-tuwa ito at halos hindi na nag-isip. Sinabi naman niyang kung kaya nito ay maaari nitong gawin ang trabaho para sa ibang employers na nakakontrata ito kung hindi sila gaanong busy.

“Kayang-kaya ’yon, Boss!” Sumaludo pa ito, tila hindi ma-contain ang saya. “At sanay ako sa walang tulugan, o konti lang ang tulog. On call ako para sa iyo twenty-four seven!” nakangisi pang dagdag nito.

Nangunot ang noo ng lalaki. “Hindi naman ako slave driver. Mas mabuti kung magpapahinga ka nang tama. Ayoko ng trabahong sablay dahil lang sa kulang ka sa tulog.”

Matamis ang ngiti sa kanya ng dalaga, na labag man sa kalooban ay hindi maiwasang magpagaan ng pakiramdam niya. Patrice’s smile was both charming and disarming, kaya kahit may duda siya sa pagkatao nito ay napangiti na rin siya.

“We start on Monday. Walang dress code. Ayoko lang iyang mukha kang hiphop.” Bumaba ang tingin

niya sa suot nitong maluwag na t-shirt at shorts. Mukhang iisa lang ang wardrobe nito at ng kapatid na si Peter.

“Oh, don’t worry. May mas maayos akong mga damit.” She smiled, then extended her hand. “So, I’m yours now, Boss.”

Tumaas ang kilay niya. “I will text you kung anong oras kita dadaanan dito sa Monday.” Tinanggap niya ang kamay nito. Maugat iyon, mahahaba ang mga daliri, at medyo magaspang, but felt surprisingly good to the touch. Parang ayaw siyang bitawan kaagad ni Patrice dahil nang bumibitaw na siya ay pinisil pa nito iyon.

“Ang ganda ng kamay mo, Run—I mean, Boss. Ang sarap hawakan.” Tila bantulot pa ito nang pakawalan ang kamay niya.

“You may call me ‘Run’,” sabi niya bago namulsa. “Well, it’s settled. I should go.” Tumalikod na siya. Para lang maramdaman ang tila pagtalon ng puso niya nang dumako ang kamay ni Patrice sa kanyang likod. *Shit, what is this woman doing to me?*

“Ihahatid na kita sa labas.” Hindi nawawala ang ngiti nito, sabay kumapit pa sa braso niya.

Run wanted to curse out loud as he felt her body almost touching his, or at least the heat radiating from it. Her still damp hair also smelled so good, as was probably the rest of her since she just came from a shower.

Napabuga siya ng hangin nang tila tuksong

naisip pa niya kung ano kaya ang hitsura nito under the shower. Napailing siya bago napatingin sa kanyang katabi.

And she was looking right at him, too. “What?” tanong niya.

“Okay ka lang ba?” tanong ni Patrice. “Para kang balisa na ewan.”

“I’m fine,” sagot ni Run. *Just don’t stand so close to me.*

“Ang guwapo mo talaga kahit parang ang seryoso mo.” She grinned, revealing nice, pearly white teeth.

Muli siyang napailing. Dumaan sila sa gilid ng bahay sa halip na pumasok muli sa loob. Sa maliit na terrace sa harap ay naabutan nilang nagsasalansan ng mga bilaong natatakpan ng foil o dahon ng saging ang mga kapamilya ni Patrice.

“Tay, aalis na daw po si Run,” sabi nito.

“Sige, ingat ka sa pagda-drive, ha,” wika ng matandang lalaki na lumapit sa kanya at iniabot ang dalawang maliliit na bilao. “Magdala ka nang kaunti, Run. Kung may kakilala kang gustong magpaluto, eh, sabihan mo lang tungkol sa amin. Pancit at sapin-sapin iyan.”

Nakangiting kinuha iyon ni Run. He may have issues with Patrice, but he was not going to refuse the best pancit Malabon and kakanin he had ever tasted.

“Salamat po. Ipapa-text ko na lang po sa number ninyo kung sakali.”

“May number ka ng tatay ko?” di-makapaniwalang tanong ni Patrice.

“Yup. I’ve already reserved several orders of pancit and barbecue for an uncle’s birthday next month,” sagot niya.

“Run, babalik ka, ha,” lambing naman ni Ate Mai-Mai, sabay kinurot siya sa pisngi.

“Well, I will definitely be back.” Sumulyap siya sa katabi. “Right?” Pumiksi siya upang bitawan na ni Patrice ang braso niya, na tila alinlangan pa iyong pakawalan.

Mayamaya lang ay lulan na siya sa kanyang sasakyan. Naroon pa rin si Patrice at nakangiti sa kanya.

At hindi niya alam kung bakit sa tuwing maaalala niya ang ngiting iyon ay kinakabahan siya.



Chapter Three



“**A**ng weird mo, Addy. Si Run naman ang kasama ako, bakit parang papunta kami sa Basilan kung makapag-alala ka diyan?” nangunot ang noong tanong ni Patrice kay Addy na nakaupo sa kama niya at pinapanood siyang mag-ayos para sa first day niya bilang assistant ni Runako.

“Ayoko lang na masyado mong iniisip ang nararamdaman mo para sa kanya, Pat. ’Yung bibigyan mo ng kahulugan ang bawat gagawin niya, ’yung magpapadala ka sa kilig, ’yung aasa ka nang bongga.” Napabuntong-hininga ito bago pinanlakihan siya ng mga mata nang titigan niya. “Don’t deny, kilala kita. Mukha ka lang astig, pero mas malandi ka pa kay Alessandra.”

She pursed lips. “Oo na. Magbe-behave ako kahit mahirap. Pero paano naman akong pakikiligin ng isang iyon, eh, ang seryoso nga? Ako pa yata ang ha-harass doon.” Napailing siya bago itinaas ang isang pares ng vintage sapphire earrings. “Maghihikaw ba ako?”

Natawa ito. “Ibinagay mo na nga sa blue blouse mo ang eyeshadow mo, ’tapos dark blue pa ang sneakers. Maghihikaw ka pa ng ganyan? Palitan mo na kaya ng Mystique ang pangalan mo?” tukoy nito

sa character sa *X-Men* na asul ang kulay ng katawan.

Ibinalik niya ang hikaw sa lalagyan. Sinipat niyang muli ang mukha sa salamin bago humarap sa kaibigan. “How do I look?”

“Beautiful!” nakangiti nang sabi ng babae. Tumayo ito at nag-spray ng cologne sa kanyang leeg at damit.

“Hindi na ako mukhang atsay ni Run?”

“Kailan ka ba nagmukhang atsay? Ako ang mukhang julalay mo ngayon.” Addy stepped closer and combed her hair to one side.

Minasdan niya ang kanyang kaibigan. Two hours ago ay dumating ito, bitbit ang mga gamit upang tumambay muna nang ilang oras sa kanila bago ang review class nito na kapag MWF ay ala una hanggang alas siete ng gabi. Ang tungkol kaagad sa magiging trabaho niya kay Run ang itinanong nito sa kanya, na nalaman mismo sa lalaki noong Sabado nang mag-usap ang mga ito.

Inaasahan na ni Patrice na magiging skeptic si Addy sa desisyon niyang pumayag, lalo na at alam nitong crush niya si Run dati pa. Ipinaalala nitong hindi naman magtatagal sa bansa ang lalaki, kaya hindi rin siya dapat umasa nang higit pa sa pagkakaibigan kung sakali. She assured her friend that she would be fine, but Addy, who had been through a lot when it came to love and relationships, obviously didn't believe her.

“Addy...” tawag niya sa babae na ngayon ay ang sarili naman ang sinisipat sa salamin. “Pathetic na ba ako?”

Ilang sandaling tila nag-isip pa ito. “Slight.”

Ouch. “Hindi naman ako aasa at magiging ilusyunada masyado, promise. Alam kong malaki ang agwat ng stat—”

“Gaga, I wasn’t talking about that. Keber kung mayaman siya at papayaman ka pa lang?” Napangiti siya sa sinabi nito. “His life is in Seattle, Pat. And from what I know, he’s never been in any real relationships dahil addict siya sa trabaho. Mukha lang iyong seryoso, but he’s just like any other guy. He would either date for business, or for pleasure.” Tumaas ang isang kilay ng kaibigan. “I don’t want you to be any of both, you deserve so much more.”

“Aww, touched naman ako. Akala ko pusong bato ka na.” Nasapo niya ang dibdib.

“Sira!” Hinagip nito ang braso niya. “Tara na nga at sa labas na lang natin hintayin si Run.”

Kinuha ni Patrice ang bag at nagkukulitan pa rin sila ni Addy hanggang sa makalabas ng kuwarto. Pagbaba ng hagdanan ay kaagad niyang nakitang nasa sala na pala at naghihintay si Run.

At nangungunot ang noo nito habang nakatingin sa kanila ni Addy, na parang hindi nito nagustuhan ang nakikita. Bumitaw tuloy siya sa kaibigan na halos nakayakap sa kanya dahil kinikiliti siya nito. Baka akalain pa ng binata na isip-bata siya at hindi

seryoso sa trabaho.

“Adrienne, nandito ka na pala.” Derecho ang tingin nito kay Addy.

“Yeah,” tango ng kinakapatid nito. “Mas gusto ko kasi ang pagkain dito kaysa sa bahay na puro nagda-diet at healthy living kuno ang mga tao.” Suminghut-singhot ito. “And speaking of which, titikman ko muna ’yung yakisoba ni Tito Tunying. Ingat na lang kayo.”

Sinundan niya ng tingin ang kaibigan na pumunta na sa kusina. Hinarap niya si Run na ngayon ay nakapako ang mga mata sa kanya. Na-conscious tuloy siya. “Okay na ba ’tong hitsura ko?”

Nangunot ang noo nito. “Hindi ka ba tumingin sa salamin bago lumabas?”

Ang taray! “Tumingin naman.”

“And what do you think?” He gave her a quick once over. Hindi niya mabasa kung nagustuhan ba nito o ano ang hitsura niya.

Parang may balak tumunaw ang tingin ng binata. “Okay naman.” Umarko ang isang kilay nito. “Well, you look beautiful,” sabi nito bago lumalim ang pangungunot ng noo na parang nabigla sa sinabi o hindi makapaniwalang nasabi nito iyon. Napabuga ito ng hangin. “I mean...”

Napangiti na si Patrice. “Wala nang bawian, nasabi mo na, eh. Ang ganda ko, ’no?”

Hindi na ito kumibo, sa halip ay nauna na sa pinto. “Let’s go! Nagpaalam na ako sa tatay

mo kanina.” Hinila nito pabukas ang screen door at dere-derechong naglakad sa labas, parang nagmamadali.

Nailing na sumunod lang siya kay Run hanggang sa sasakyan nito. When he sat beside her, she almost closed her eyes at the clean, manly scent that assaulted her senses. Ang linis pa nitong tingnan kahit na hindi ito clean-shaven. But the longish hair and glasses he put on before starting the engine gave his already handsome face a more distinct character. Iyong tipo ng mukhang hindi niya makakalimutan.

“Ready?” tanong niya habang iminamaniobra nito palabas ng kalye ang sasakyan.

“What?” Sumulyap ito sa kanya.

“Ready ka na ba sa first day natin, na may kasama kang assistant na maganda?” she grinned.

Ilang sandaling nangunot lang ang noo nito habang nakatutok sa daan. Then he shook his head, and was that a smile she saw tugging at the corner of those sexy lips?

Kinagat ni Patrice ang kanyang dila para huwag kiligin. Pero nang marating ang stoplight ay muli itong tumingin sa gawi niya.

“Don’t let it get into your head, Patrice.”

Pero huli na. She already knew Runako Zamora found her beautiful, and that she could make him smile.



“Are you okay? May allergy ka ba sa seafood na for some reason ay hindi mo sinabi sa akin kanina?”

Nag-angat ng tingin si Patrice mula sa kanyang mug ng green tea latte na hinihintay niyang mawala ang usok bago inumin. Kanina pa niya yakap ang sarili. Ang ginaw sa puwesto nila sa labas ng isang café sa seaside area ng *SM Mall Of Asia*. Wala pang alas seis ng gabi pero ang lamig na. Malakas pa ang hangin mula sa *Manila Bay* to think na kalagitnaan ng summer.

“Hindi. Wala akong allergy. Hello, panay seafood kaya ang nasa pancit Malabon ni Tatay,” sabi niya bago hinawakan ang mug gamit ang parehong kamay at uminom mula roon. Nawala naman nang bahagya ang ginaw niya nang makainom ng mainit.

Alas cuatro pa lang ay tapos na ang gawain nila para sa araw na iyon. Naisingit pa nga niyang tapusin ang ilang trabaho para sa European employers niya. Nagyayang kumain ng early dinner si Run sa isang Italian restaurant. Sa labas din ang puwesto nila kanina sa restaurant.

“Then I’m sorry, I didn’t know na ginawin ka pala.”

Muli siyang napatingin sa kaharap. “Huwag mo akong intindihin. Hindi naman natin alam na ganito pala dito. Next time magbabaon na ako ng jacket o scarf.”

He shrugged. “Okay.” But he didn’t take his eyes off her. Bahagyang nangunot ang noo ni Run na tila

may iniisip ito. Then he reached for her left hand and held it. “You’re really cold.”

Napakurap si Patrice. “Well, y-yes.” Hindi niya hinila ang kamay. She liked the feel of his big warm hand almost covering hers.

“You should eat more, you know. Ang nipis ng katawan mo, talagang magiging ginawin ka,” dagdag pa nito bago marahang binitawan ang kamay niya saka dahan-dahang umakyat ang kamay ni Run sa braso niya. Then he began to gently rub it.

She bit her tongue to keep herself from gasping. Ano ito? Pero wala naman siyang reklamo.

“Is this better?” tanong nito habang patuloy sa ginagawa.

Napatango lang siya, hindi inaalis ang tingin kay Run na nakatitig din lang sa kanya.

“Give me your other arm,” halos bulong nito nang makitang nawala na ang goosebumps sa kaliwang braso niya. Tahimik na iniabot lang niya ang isa pang braso, at ayaw man niyang masyadong bigyan iyon ng atensyon ay hindi niya magawa.

With Run looking at her like this, his face just a foot away, his hands gently rubbing the goosebumps off her arms, made her feel a hundred things she had never given thought before.

Gusto niyang kunin ang mug ng green tea latte niya at muling uminom doon, ngunit baka makita nitong nanginginig pa rin siya. Paano niya ipapaliwanag kay Run na hindi na iyon dahil sa

ginaw kundi dala ng kaba... o excitement?

Paano ba niya susundin ang habilin ni Addy na huwag magpadala, huwag masyadong kiligin kung unang araw pa lang ay ganito na ang eksena nila?

Huminga nang malalim si Patrice at dinala ang mug sa kanyang bibig. Hindi na nanginginig ang kanyang kamay, kaya sinamantala na niya at inisang lagok ang natitirang laman. Muntik nga lang siyang masamid nang sa pagbaba niyon sa mesa ay magsalubong ang mga mata nila ni Run.

His hand slid back to hold her hand, and there was a glint of amusement in those hazel eyes.

“Hindi rin naman mawawala ang ginaw mo kahit madaliin mo ang pag-ubos diyan.” Tumingin ito sa mug. “But since you’re done, then.... let’s go?” Marahang pinisil nito ang kamay ng dalaga at hindi iyon binitawan maging nang sabay silang tumayo.

Hindi rin iyon binitawan ni Run nang bagtasin nila ang mahabang café and restaurant strip patungo sa lugar kung saan sila nag-park. Tila lalo pang lumakas ang hangin, at nanuot iyon sa buto.

He must have noticed that she was getting cold again, because he held her hand tighter, and then let it go. Ngunit bago pa siya napatingin sa katabi ay naipaikot na nito ang isang braso sa kanya. She was now pressed to his strong and very hot body as they walked toward the parking area. It felt safe and comforting to be held by him.

Sorry, Addy. Mahirap ang gusto mong mangyari.

*Gusto kong umiwas pero... ang sarap yumakap ni
Run, eh.*

